



TULONG SA WIKA

Nagsasalita ang mga MBTA Customer Support representative ng English at Spanish, at may mga interpreter para sa 160 wika. Makakatulong sa pag-access ng mga serbisyong ito ang Transit Police at mga Transit Ambassador ng MBTA sa mga istasyon.

Para sa tulong, tawagan ang:

Telepono: 617-222-3200

Toll-Free: 800-392-6100

TTY: 617-222-5146

MBTA.com/language-services

PAKIKIBAHAGI

Mahalagang salik ang input ng publiko sa pagde-develop ng mga proyekto at pagdedesisyon, at hinihikayat namin ang publiko na dumalo sa mga MBTA public meeting at magbigay ng komento sa mga aktibidad namin. Ipino-post ang mga meeting notice sa events webpage namin at naglalaman ito ng impormasyon kung paano mag-request ng mga libreng mga kaluwagan sa accessibility at tulong sa wika.

MBTA.com/events

MAGKANO ANG PAMASAHE?

Subway 1-way:

\$2.40 sa cash, CharlieCard, o CharlieTicket

Local Bus 1-way:

\$1.70 sa cash, CharlieCard, o CharlieTicket

Commuter Rail 1-way:

\$2.40-\$13.25, depende kung gaano kalayo ang biyahe

Ferry 1-way:

\$3.70-\$9.75, depende sa pinanggalingan at destinasyon

Paratransit:

\$3.35-\$5.60, one-way na pamasaha kada kostumer

MBTA.com/fares

BAWAS-PAMASAHE

Makakakuha ang mga kuwalipikadong estudyante ng mga Student CharlieCard (valid hanggang Agosto 31 bawat taon) mula sa mga kalahok na paaralan.

Puwede ring maging kuwalipikado para sa Youth Pass CharlieCard ang mga batang adulto na mababa ang kita, edad 18-25, mula sa mga kalahok na lungsod o bayan.

Makakasakay nang libre sa mga serbisyo ng MBTA ang mga bulag o may problema sa paningin at mga guide nila gamit ang Blind Access CharlieCard.

Kuwalipikado sa bawas-pamasaha ang mga senior (edad 65+) at mga taong may kapansanan gamit ang Transportation Access Pass (TAP).

MBTA.com/fares/reduced

IBA PANG PARAAN NG PAGBABAYAD

Makakasakay nang libre ang mga batang edad 11 pababa na may kasamang kostumer na nagbayad. Hanggang dalawang bata kada kostumer ang pinapayagan.

Makakalahok ang mga kompanya sa corporate CharlieCard program na nagkakaloob ng mga benepisyo sa tax sa mga empleyado.

MBTA.com/pass-program

ORAS NG OPERASYON

Karamihan ng mga serbisyo ng bus at tren ay nagsisimula ng 5 AM at natatapos ng 1 AM, at may ilang serbisyo ng bus sa mga rutang matao na nagsisimula nang kasing-aga ng 3:30 AM. Nakadepende ang mga iskedyul sa uri ng transportasyon at araw bawat linggo. Mas madalas ang serbisyo sa mga rush hour kapag weekday (7 – 9 AM at 4 – 6:30 PM) kaysa sa ibang oras. Ang serbisyo na Subway at Key Bus Route (tulad ng Route 28, 111, 116, at iba pa) ang pinakamadalas, karaniwan nang bumabiyahe kada 10-15 minuto o mas madalas pa.

MBTA.com/schedules

MGA SERVICE ALERT

Kung minsan, naaantala ang serbisyo at kapag nangyayari ito, naglalagay ang MBTA ng mga sign o may mga staff na handang tumulong sa mga kostumer. Makikita sa aming website ang mga kasalukuyan at planadong service alert. Puwede ring mag-sign up ang mga rider sa T-Alerts para makatanggap ng mga text o email alert.

MBTA.com/alerts

ACCESSIBILITY

Makakasakay sa lahat ng bus ng MBTA ang mga taong may kapansanan, gayundin sa karamihan ng mga istasyon ng subway at tren. Makakasakay din sa mga ferry at mapupuntahan ang mga daungan, pero maaaring may mga barrier na pansamantalang ilagay dahil sa high o low tide.

MBTA.com/accessibility

The RIDE: Ang The RIDE ay ang door-to-door paratransit service ng MBTA. Kung may kapansanan ka na palagi o paminsan-minsang nagiging hadlang para makasakay ka sa bus, subway, o trolley ng MBTA, matutulungan ka ng The Ride sa mga pangangailangan mo sa pampublikong transportasyon.

MBTA.com/accessibility/the-ride

Maa-access ng mga rider ang real-time na outage information para sa elevator at escalator sa pamamagitan ng pagtawag sa 617-222-2828.

PAGKONTAK SA MBTA

Makokontak ng mga rider ang MBTA sa iba't ibang paraan, kabilang na ang telepono, email, at pag-follow sa aming social media:

Telepono: 617-222-3200

Toll Free: 800-392-6100

TTY: 617-222-5146

Email: MBTA.com/customer-support



twitter.com/mbta



facebook.com/TheMBTA/



instagram.com/thembta/



youtube.com/mbtagm



tiktok.com/@thembta



linkedin.com/company/mbta

KAPAG MAY EMERGENCY

Bawat staff member ng MBTA ay sinanay sa mga hakbang na dapat gawin at pagiging handa kapag may emergency. Kapag may nakita kang kahina-hinala o kailangang mag-report ng emergency, pakitawagan ang: **911** o ang **Transit Police sa 617-222-1212**, **TTY: 617-222-1200**